AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2
**Aralin 12**

### Pambungad

*Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Ang Kamatis ni Peles" na isinulat ni Virgilio S. Almario.*** *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!*

### Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 12

Book Title: Ang Kamatis ni Peles

Author: Virgilio S. Almario

Source: Buri Books

Kamusta po! Si Teacher Robyn po ulit!🧡 Today, babasahin natin ang "Ang Kamatis ni Peles" ni Ginoong Virgilio Almario 👨🏽🏫

Kung na subaybayan natin ang ating mga Reading exercises, mapapansin natin na ito ang ika-apat na na maikling kuwento galing kay Ginoong Almario:
🐂 Ang Mabait na Kalabaw
🐈 Matandang Matabang Pusa
🐉 At ngayon, and Dragong Pula
🍅 Ang Kamatis ni Peles

Magugustuhan kaya natin ang pang-apat na kuwentong ito? ☺📚

🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**
Bago tayo mag-umpisa, balikan natin ang ating mga promises! ☺
(1) dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng story 📣
(2) dadamdamin at sisikaping intindihin ang kuwento at, 🤓

(3) 'wag matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

💬 **TALASALITAAN**

Bago tayo mag-umpisa, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa kuwento na baka hindi pamilya sa atin! Mag-tanong sa ating nakatatanda kung ano kaya ang ibig sabihin ng mga to! 🤔

**(1) Wanderings**
**(2) Exerting**
**(3) Industry**
**(4) Confided**
**(5) Makeshift**

Para sa babasahin natin ngayong araw, kakaiba ang exercise na gagawin natin! Bibigkasin natin ang kwento sa Filipino o Tagalog, at ang Activity natin ay ang pagbigkas nito sa English! ☺ Kayang-kaya! 💪🏽❤

--

📚 **ANG KAMATIS NI PELES NI VIRGILIO S. ALMARIO**

*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

• Sawa na si Peles sa araw-araw na pagliliwaliw at maghapong paglilibot kahit walang makain. Kaya naisip nyang magpatulo ng pawis at gamitin naman ang lakas at bisig. 💪🏽
• Napadaan siya sa bukid ni Hugo Langgam at humanga siya sa ganda ng halaman na tanim ni Langgam.
"Ang ganda ng mga tanim mo." Bati niya kay Hugo. 🌾🌾🌾
"Ano ba ang iyong sekreto?"
• "Wala akong sekreto." Sabi ni Hugo.
"kundi sipag, tiyaga, at kaunting banat ng buto." 👍🏽
• "Ganoon lang?" tanong ni Peles.
At nanghingi siya ng mga buto ng kamatis para masubukan naman ang maghalaman at bilang pagbabagong buhay. 🍅
• Linggo noon at kahit na Linggo, di nagbulakbol ang bagong hardinero;
Linggo noon at kahit Linggo, pagbubungkal at pagtatanim ang inaasikaso. 🌱
• At sa gabing iyon, di makatulog si Peles sa pagbibilang ng tumutubong kamatis.
• Lunes. Maaga pa'y bumangon na siya at mabilis na dinalaw ang kamatisan niya.
Pero anong lungkot! Sa lupang malambot wala ni isang sumupling na sungot. 😞
• Halos maiyak siyang nagsumbong kay Hugo. Pero tumawa si Hugo at ang sabi,
"Huwag kang apurado.Talagang ang magtanim ng kamatis ay hindi biro.
Konting dilig pa at tiyak na tanim mo'y tutubo." 🚿

• Martes. Matapos magdilig si Peles,
maghapon siyang nagbantay sa tanim na kamatis. Sa gabi, nagsindi pa ng maraming kandila para daw hindi matakot sa dilim and mga punla. 🕯️
• Miyerkules. Matapos magbudbod ng pataba,inimbita ni Pele sang kabarkadang mga palaka. At kahit umuulan, maghapon silang umawit para daw sumigla ang mga punlang kamatis 🎶🎶🎶
• Huwebes. Matapos magbunot ng tumubong damo, nagdala si Peles ng maraming libro. At maghapon siyang nagbasa ng kuwento at tula para daw hindi malungkot ang mga punla. 📚
• Biyernes. Matapos magdilig at magdamo si Peles, maghapon uli siyang tumula, sumayaw, umawit. Naglagay pa siya ng kumot na pantabing para daw hindi mainitan ang kanyang tanim.
• Sabado. Laking tuwa ni Peles nang Makita nag tumubong mga kamatis!
• Ilang araw pa ang lumipas, mga kamatis ni Peles ay lumaki at namulaklak.
"Pare, nag lulusog ng kamatis mo."
Ang bati kay Peles ng dumalaw na Hugo.
"Oo nga," sabi ni Peles na balot ng kumot.
"Pero sakit at ubo naman ang aking inabot."
"Sa umpisa lang 'yan pare," sabi ni Hugo. 🍅🍅🍅
• At, naiwan si Peles na uubo-ubo.
Pero, masayang hinahagod ng titig ang lumalaking mga bunga ng kamatis.🍅🍅🍅

--

✏️ **GAWAIN**
Muli, ang activity natin ay bigkasin ang kuwento sa English! Dahan-dahan lang! At bigkasin natin ang kada linya! Ready?

• Peles is tired of his everyday walks and wanderings even If he has nothing to eat. This is why he thought of exerting himself and using strength and brawn. 💪🏽
• He passed by the farm of Hugo the Ant and he was impressed by the health of the plants.
• "Your plants are so healthy." He praised Hugo. 🌾🌾🌾
"What is your secret?"
• "I have no secret." Said Hugo,
"except for industry, patience, and a little hard work." 👍🏽
• "Is that all:" asked Peles.
And he asked for some tomato seeds to try out gardening and to turn a new leaf. 🍅
• It was Sunday then but even so, the new farmer did not laze around; It was Sunday then but even so he busied himself with gardening and planting. 🌱
• That night, Peles could not sleep as he counted growing tomatoes.
• Monday. Early in the morning, he woke and visited his patch of tomatoes. But, what heartbreak! In the soft ground, not one seed had sprouted. 😞
• Close to tears, Peles confided with Hugo. But Hugo only laughed and said, "Don't be impatient.

Indeed, gardening is not that easy. A little more watering and they will surely sprout." 🚿
• Tuesday. After watering, Peles looked after the patch of tomatoes all day. In the evening, he even lit candles so the plants will not be afraid of the dark. 🕯️
• Wednesday. After sprinkling fertilizers, Peles invited his frog friends. And though it was raining, they sang all day so the plants will be energized. 🎶🎶🎶
• Thursday. After pulling out weeds, Peles brought a lot of books. And he read stories and poems all day so the plants will not feel lonely. 📚
• Friday. After watering and weeding, Peles spent the day reciting, dancing, singing.He even placed a makeshift ceiling so the plants will not feel too hot.
• Saturday. Peles rejoiced when he saw sprouting tomatoes!
• After a few days, Peles's tomatoes grew and bore fruit.
"Hey your tomatoes are so healthy." Hugo praised Peles upon his visit.
"Yes, they are." Answered Peles who was wrapped in a blanket.
"But I am sick and coughing because of it."
"That's only at the start," Hugo said. 🍅🍅🍅
• And, Peles was left coughing. But, he felt pleased as he looked over his patch of ripening tomatoes. 🍅🍅🍅

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**
Sa ating pagbigkas sa Filipino at Ingles, matitiyak ba natin kung saan naganap ang storya, sinu-sino ang mga karakter, ano ang nangyari sa tanim ni Peles nung buong lingo, ano ang naging problema ni Peles sa kanyang mga kamatis, at kung ano ang gustong sabihin ng ating manunulat?

Nahirapan ba tayo ngayong araw? Okay lang yan, mga bata ☺ Tulad ng kuwento ni Peles, kailangan ng "sipag, tiyaga, at kaunting banat ng buto" para gumaling tayo sa pagbasa! Ang importante ay sinikapan nating ibigkas ang kuwento at naging pamilyar tayo sa mga tunog at pagbigkas ng kada salita, Filipino man o English. At hindi tayo sumuko!!! 💪🏽

Salamat sa inyong pagsisikap mga bata! At sa inyo rin, mga Nanay, Tatay, at kapamilya! Next week ulit ☺

May parte ba ng lesson na nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ma-share na sagot sa grupo natin? Message lang kayo sa grupo, o message niyo si Teacher ❤

--

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.